


WIKA

フィリピン語

KOTOBA



**Wikang Kinagisnan ng Bata
na Papagyamanin
sa Tahanan at Komunidad**

家庭/コミュニティで育てる子どもの母語



Para sa Paglalathala

Kailangan ang wikang kinagisnan para sa pagtatatag ng identity ng mga batang may kaugnayan sa ibang bansa at maayos na pakikipag-usap sa pagitan ng mga magulang at anak. Sinasabi din na may mahalagang tungkulin ang wikang kinagisnan sa pag-aaral ng wikang Hapon at pag-aaral ng mga itinuturo sa paaralan. Subali't kaunti lamang ang pagkakataon kung saan nakakapag-aral ang mga bata ng kanilang wikang kinagisnan at nakakapag-aral gamit ang wikang kinagisnan. Sa kasamaang-palad hindi rin masyadong nauunawaan ang kahalagahan nito. Dahil dito ginawa ang booklet na ito sa pamamagitan ng pagpapakilala ng iba't ibang halimbawa upang ang mga dayuhang mamamayan sa prepektura mismo ay makapagturo ng kahalagahan ng wikang kinagisnan sa mga bata at tumulong sa kanilang pag-aaral sa wikang kinagisnan sa tahanan at sa komunidad. Inaasahan namin na ang booklet na ito ay magiging isang paraan upang palalimin ang pag-unawa sa kahulugan ng edukasyon ng wikang kinagisnan at simulan ang edukasyon ng wikang kinagisnan para sa mga batang may kaugnayan sa ibang bansa.


Tanggapan ng Pagtataguyod ng Sama-samang Pamumuhay sa Iba't ibang Kultura

発行にあたって

母語は、外国につながる子どもたちのアイデンティティの確立や親子のコミュニケーションを円滑にするために必要です。また、日本語を学んだり、学校の勉強をする上でも、重要な役割を果たすと言われています。しかし、子どもたちが母語を学ぶ機会や母語によって学習できる機会は少なく、また、その重要性については、残念ながらあまり知られていません。そこで、外国人県民の方が自ら家庭やコミュニティ内において、子どもたちに母語の大切さを教えたり、母語による学習支援ができるよう、いろいろな事例を紹介しながら、この冊子を作成しました。この冊子が、母語教育の意義についての理解を深め、外国につながる子どもたちの母語教育のきっかけとなることを願っています。

愛知県多文化共生推進室





Mula sa Patnugot

Sa kasalukuyan, may mga batang mula sa **ibang bansa na pumapasok sa mga paaralan ng bansang Hapon**, na halos walang pagkakataon na malaman ang kanilang wikang kinagisnan at kulturang kinagisnan, sa pang-araw-araw na **pamumuhay. Sa loob ng mga batang ito, may masamang imahen lamang ukol sa kanilang inang bayan, o mga batang tumatangi ng kanilang sariling pinanggalingan, at may mga batang unti-unting nawawala ang komunikasyon sa kanilang mga magulang.** Kaming mga may direktang karanasan sa kalagayang ito sa aming kapaligiran ay nagtatag ng "Panukalang Gawain sa Pagtulong sa Wikang Kinagisnan ng mga Batang May Kaugnayan sa Ibang Bansa, sa Aichi" sa piskal na taong ito (piskal na taong 24 sa panahon ng Heisei) at nagsimula ng mga aktibidad para sa wikang kinagisnan. Ang booklet na ito ay "unang hakbang" para sa aktibidad na iyon. Inaasahan namin na makakatulong ang booklet na ito upang ang lahat ng bata hangga't maaari ay magkaroon ng pagpapahalaga sa pinanggalingan ng sarili at kanilang magulang.


Ang panukalang gawaing ito ay nagsasama ng impormasyon para sa mga tumutulong sa pag-aaral ng wikang kinagisnan at nagbibigay ng impormasyong sa website at booklet mula ngayon. Binabalak din namin ang paggawa ng mga booklet at aralin para sa mga batang may kaugnayan sa ibang bansa. Magiging lubos ang aming kasiyahan kung tutulong at makikipagtulungan kayo sa amin.

Panukalang Gawain sa Pagtulong sa Wikang Kinagisnan
ng mga Batang May Kaugnayan sa Ibang Bansa, sa Aichi

編集者より

今、日本の学校に通っている外国人の子どものなかには、日常生活で母語や母文化にまったくふれる機会のない子どもがいます。そのような子どものなかには、自分の母国に対して悪いイメージしか持っていない子どもや自分のルーツを否定する子ども、親とコミュニケーションをとることさえできなくなっている子どももいます。そのような現状を直接的に経験してきた私たちは、今年度（平成 24 年度）、「愛知 外国につながる子どもの母語支援プロジェクト」を結成し、母語のための取り組みをはじめました。この冊子は、その取り組みの「はじめの一步」です。ひとりでも多くの子どもが、自分や親のルーツに誇りを持つことができるよう、この冊子が役立てば幸いです。

プロジェクトとしては、今後、母語学習支援者のための情報などをまとめ、インターネットサイトや冊子で発信していく予定です。また、外国につながる子どもを対象にした冊子作成や講座も企画しています。みなさまより、ご支援、ご協力をいただければ、たいへん嬉しく思います。



Ukol sa “Wikang Kinagisnan” sa Booklet na Ito

Ang kahulugan ng “Wikang Kinagisnan (o Inang Wika, Unang Wika, Arteryal na Wika)” sa booklet na ito ay “unang wika kung saan nakikipag-ugnayan ang isang tao o unang wika na natutunan ng isang tao”. Sa kabilang dako, ang kahulugan ng “wika ng inang bayan” ay “wika ng bayan kung saan kaanib ang isang tao”. Hindi palaging magkapareho ang “wikang kinagisnan” at “wika ng inang bayan” at maaaring magkaiba ang mga ito depende sa kapaligiran kung saan lumaki ang isang tao.

本書における「母語」について

本書における「母語」とは、「個人が最初に接触、あるいは習得する言語」のことです。一方、「母国語」は、「その人が属する国の言語」のことをいいます。「母語」と「母国語」は必ずしも一致するわけではなく、その人の生育環境によって異なる場合があります。

Nilalam

P.2

“Mahalaga ang wikang kinagisnan”

「母語は大切です」

P.7

Itinanong sa mga dayuhang ama at ina na

naninirahan sa Probinsiya ng Aichi

“Ang mga ito ang ginagawa sa tahanan upang
pagyamanin ang wikang kinagisnan ng aming mga
anak” 愛知県に住んでいる外国人のお父さん、お母さんに聞きました

「子どもの母語を育てるために、家庭でこんなことをしています」

P.10

Hanap tayo, punta tayo ng pambatang klase ng wikang kinagisnan

探してみよう 行ってみよう 子どもの母語教室

P.20

Itatag ang klase ng wikang kinagisnan!

母語教室をつくってみませんか

Ang titulo ng booklet na ito ay "K O T O B A," ibig sabihin ay "Wika". Ang "Wika" ay nagpapayaman ng puso at nag-uugnay sa bawat tao. Sa titulo nito, layunin ang ugnayan ng mga bata, kanilang pamilya at komunidad, at palaganapin ang sari-saring posibilidad at maaliwalas na kinabukasan sa bawat isa sa pamamagitan ng mga aktibidad na magpapayaman ng mga “wika” ng inang bayan ng mga bata.

冊子のタイトル「KOTOB A」とは、「言葉」のこと。「言葉」は心を豊かにし、人と人とをつなぎます。タイトルには、子どもたちの母国の「言葉」を育てる活動を通して、子どもやその家族、コミュニティがつながりあい、それぞれに多様な可能性と明るい未来が広がっていきますように、という願いがこめられています。



Mahalaga ang wikang kinagisnan

Nagtatatag ang tao ng unang ugnayan sa lipunan sa pamamagitan ng wikang kinagisnan

Ang kahulugan ng “wikang kinagisnan” ay unang wika na natutunan ng isang tao. Natatandaan mo ba ang salitang unang binigkas mo nang ipinanganak ka? Marahil ay Hindi. Subali’t natatandaan mo ba ang salitang unang binigkas ng iyong anak ng ipinanganak siya? Natatandaan mo ba hindi lamang salitang iyon kundi ang malaking katuwaang naramdaman mo noon. Bakit kaya ganoong nakakatuwa ang pagbigkas ng salita ng iyong anak? Hindi ba dahil naisip mong maaari nang makipag-usap ng mas mabuti sa iyong anak sa pamamagitan ng wika? At hindi ba dahil naramdaman mong ang iyong anak ay magiging isang kasapi ng “ating lipunan”? Nagtatatag ang tao ng unang ugnayan sa lipunan sa pamamagitan ng wikang kinagisnan. Sa madaling salita, ang wikang kinagisnan ay hindi lamang unang wika na natutunan ng isang tao kundi isa sa mga pangunahing sangkap upang ang isang tao ay maging isang kasapi ng lipunan.

Ang “wikang kinagisnan” ay naglililang ng “identity”

Ang kahulugan ng “identity” ay “kung paano nauunawaan ng aking sarili at ng ibang tao kung sino ako”. Paano mo ipapaliwanag sa ibang tao kung sino ka? Maipapaliwanag mo ba ito batay sa katangian ng katawan tulad ng tangkad at bigat? Subali’t nagbabago ang tangkad at bigat sa buong buhay. Maipapaliwanag mo ba iyon batay sa iyong pinanggalingan? Dahil hindi magbabago ang pinanggalingan kahit na magbago ang lugar kung saan ka naninirahan. Subali’t may mga nanggaling sa parehong lugar. Maaaring maipaliwanag ang isang bahagi ng “iyong identity” batay sa pinanggalingan subali’t marahil ay hindi mapapaliwanag nito ang “ikaw lamang.”

Kung ganoon, maipapaliwanag mo ba batay sa kaugnayan sa pamilya tulad ng “panganay ako nina ○○ at ××”? Maipapaliwanag ang “ikaw lamang” batay dito. Mukhang maipapaliwanag ang saligang bahagi ng “identity na sa iyo lamang” batay sa kaugnayan sa iyong pamilya. Sa karamihang kalagayan ang ganitong kaugnayan ay itinuturo ng magulang lalo na ng ina mula noong bata pa lamang tayo habang hindi pa nagsisimulang magka-isip, at nauunawaan natin. Sa madaling salita, ang saligang bahagi ng iyong “identity” ay binubuo ng wikang kinagisnan. Talagang natural ito kaya hindi ito napapansin sa pangkaraniwang kalagayan ngunit mahalaga ito. Mahalagang-mahalaga ito lalo na para sa mga batang namumuhay sa malayo sa lipunan kung saan ginagamit ang kanilang wikang kinagisnan.

Pahalagahan ang wikang kinagisnan sa tahanan

Pagpasok ng mga bata sa nursery at sa paaralan, lumalakas na ang impluwensiya ng kanilang kaibigan at nagsisimula silang gumamit ng wikang Hapon sa iba’t ibang kalagayan at gumagaling na ang kanilang wikang Hapon. Sa kabilang panig, limitado ang pagpapaunlad ng wikang kinagisnan dahil sa tahanan lamang ginagamit ang wikang kinagisnan sa karamihang kalagayan. May mga guro din ng paaralan ng bansang Hapon na nagsasabing, “gamitin din ang wikang Hapon sa loob ng tahanan,” sa mga magulang na hindi masyadong marunong mag-Hapon. Dumadalang ang pagkakataong magamit ang wikang kinagisnan hindi lamang sa lipunan kundi maging sa loob ng tahanan, dahil dito mabilis na natututo ng wikang Hapon subali’t nakakalimutan naman nila ang pagmamit ng wikang kinagisnan at ang katotohanan na lumaki sila sa wikang kinagisnan. Ang mga batang nasanay nang magsalita ng wikang Hapon ay unti-unti na nahihirapang makipag-usap sa kanilang magulang na hindi magaling magsalita ng wikang Hapon. Sa kabila na isang pamilya, nararamdaman nila ang puwang sa kanilang magulang, at sa loob nito ay may mga batang tumatanggi ng kanilang inang bayan at pinanggalingan ng kanilang magulang, at nababahala sa kanilang identity.





“Pagtulong sa pag-aaral ng wikang kinagisnan” na may iba’t ibang posibilidad

Ang pagpaparami ng kaalaman at pagkakataon upang gamitin ang wikang kinagisnan at pagtulong sa pagpapaunlad ng wikang kinagisnan ng mga bata ay tinatawag na “pagtulong sa pag-aaral ng wikang kinagisnan”. Ang “pagtulong sa pag-aaral ng wikang kinagisnan” ay tumutulong sa pagbuo ng matatag na identity ng mga bata. Hinahangad rin ang pagpapaunlad ng iba’t ibang kakayahan ng mga bata base sa pagpapatibay ng sarili na naitatayo ng matatag na identity. Sa katotohanan, sa mga batang lumaki sa mga tahanan kung saan masugid na ginagawa ang pagpapanatili at pag-aaral ng wikang kinagisnan, maraming batang madaling nasanay sa paaralan at sa lipunan pagkauwi sa kanilang sariling bayan at may kapakinabangan sa pag-aaral, pag-akyat sa mas mataas na paaralan, at paghahanap ng trabaho sa bansang Hapon. Ang tahanan ang pinakamahalagang lugar para sa pag-aaral ng wikang kinagisnan ngunit dumarami din ang mga aktibidad kung saan nakikipagtulugan ang tahanan at komunidad. Ang karamihan niyon ay itinatag batay sa kagustuhan ng mga magulang “Nais naming bigyang halaga at papagyamanin ang wikang kinagisnan ng mga bata”. Ang mga uri ng wikang kinagisnan sa komunidad na itinatag sa ganoong kalagayan ay nagiging “lugar para sa pakikipag-ugnayan” at “maginhawang lugar” hindi lamang para sa mga bata kundi para sa mga magulang, at nagiging daan sa pagbibigay ng kapangyarihan at kasiglahan ng komunidad.

Ang “pagtulong sa pag-aaral ng wikang kinagisnan” ay nagbibigay ng iba’t ibang posibilidad at kapakinabangan para sa mga bata, sa mga pamilya at sa mga komunidad. Tumulong ka din sa pag-aaral ng wikang kinagisnan sa tahanan at sa komunidad kasama ang iyong pamilya at kasamahan.



母語は大切です

人間は「母語」を通じて社会との最初の関係を築きます

「母語」とは、ある人間が初めて覚えた言語のことをいいます。

あなたは、生まれて初めて自分が発した言葉（単語）を覚えていますか。おそらく覚えていないでしょう。でも、自分の子どもが、生まれて初めて発した言葉は覚えているのではないのでしょうか。言葉だけではなく、その時に感じた大きな喜びも覚えているのではないのでしょうか。自分の子どもが言葉を発したことが、どうしてそんなに嬉しかったのでしょうか。それは、自分の子どもと、言語を通じてより深くコミュニケーションできるようになると考えたからではないのでしょうか。そして、自分の子どもが、「自分たちの社会」の一員になりつつあると感じたからではないのでしょうか。人間は母語を通じて、社会との最初の関係を築きます。つまり母語は、ある人間が初めて覚えた言語というだけではなく、人間が社会の一員となるための基本的要素の一つなのです。

「母語」は「アイデンティティ」を形作ります

「アイデンティティ」とは、「自分が誰かということ自分をどう理解しているか、そして、他の人がどう理解しているか」ということです。

あなたは「自分が誰か」ということを、他人にどうやって説明しますか。身長や体重といった身体的特徴で説明しますか。でも、身長や体重は一生のうちに変わっていきますね。では、出身地で説明してみたらどうでしょうか。住む場所は変わっても、出身地が変わることはありませんから。でも、出身地が同じ人は他にもいるでしょう。出身地によって「あなたのアイデンティティ」の一部を説明することはできますが、「あなただけ」の説明にはならないかもしれません。それでは、「〇〇と××の一人目の息子」のような、家族との関係で説明するのはどうでしょうか。これなら「あなただけ」の説明になります。家族との関係から「あなただけのアイデンティティ」の基本的な部分を説明することができそうです。こうした関係は、ほとんどの場合は、物心つかない子どものうちから、親を通じて、母語によって教えられ、理解されてくるものです。つまり、あなたの「アイデンティティ」の基本的な部分は、母語によって築かれているのです。

これはあまりに当然のことで普段は意識されることがありませんが重要なことです。特に母語が話されている社会から離れて暮らしている子どもにとって、とても大切なことなのです。


家庭では母語を大切にしてください

子どもが保育園や学校に行くようになると、友だちの影響が強くなるとともに、いろいろな場面で日本語を使うようになり、日本語が上手になっていきます。一方、母語を使う場はほとんどが家庭だけなので、母語の発達は限られてきます。日本の学校の先生のなかには、日本語の苦手な親に対して、「家庭でも日本語を使ってください」と求める人もいます。社会でも家庭でも母語にふれる機会が少ない子どもは、日本語をどんどん身につける反面、母語を使うこと、母語で育ったことを忘れていきます。コミュニケーションを主に日本語でするようになった子どもは、日本語が上手に話せない親とコミュニケーションをとることが、だんだん困難になっていきます。家族でありながら親と距離を感じるようになり、なかには、母国や親のルーツを否定したり、アイデンティティに悩む子どもも出てきます。

さまざまな可能性がある「母語学習支援」

母語を使うための知識と機会を増やし、子どもが母語の力を伸ばすことを手助けすることを「母語学習支援」といいます。母語学習支援は、それを通じて、子どもが安定したアイデンティティを得ることを助けます。さらに、安定したアイデンティティによってもたらされる自己肯定感を足場として、子どものさまざまな能力を伸ばすことを目指します。実際に、母語の保持や学習に積極的に取り組んできた家庭で育った子どものなかには、母国に戻った後で学校や社会への適応が容易であったり、日本での学習や進学、就職にプラスになっていたりといる子どもが多くいます。母語学習の最も重要な場はもちろん家庭ですが、家庭とコミュニティが共同した取り組みも増えてきています。その多くは、「子どもの母語を大切に育てたい」という親の思いから始まっています。そのように始まったコミュニティの母語学習支援教室は、子どもだけではなく、親にとっても「つながりの場」「憩いの場」となり、コミュニティのエンパワメントや活性化にもつながっています。

母語学習支援は、子どもにとって、家族にとってコミュニティにとって、さまざまな可能性と実りを与えてくれます。あなたも、家族や仲間とともに、家庭やコミュニティで、母語学習支援に取り組んでみませんか。



Itinanong sa mga dayuhang ama at ina na naninirahan sa Probinsiya ng Aichi

“Ang mga ito ang ginagawa sa tahanan upang pagyamanin ang wikang kinagisnan ng aming mga anak”

愛知県に住んでいる外国人のお父さん、お母さんに聞きました
「子どもの母語を育てるために、家庭でこんなことをしています」

Inang nanggaling sa Pilipinas

Ang aking anak ay siyam na taong gulang subalit lumaki siya sa Pilipinas hanggang noong apat na taong gulang siya. Kinakausap niya ako **sa wikang Filipino at Wikang Hapon naman sa aking asawang Hapon**. Isang beses sa dalawang taon, tumitira kaming pamilya sa Pilipinas nang isang buwan at kalahati, gamit ang bakasyon sa panahon ng tag-init. **Naglalaro siya kasama ang kanyang mga kaibigang Filipino at nakikita niya ang kanyang mga kamag-anak** doon kaya mukhang napapanatilihin niya ang wikang Filipino. At may pagkakataon na napapanood ang tanging programa ukol sa Pilipinas **sa programa sa telebisyon** pagdating ng umpisa ng tag-init kaya **masayang nanonood kami ng aking anak** na nagsasabi “Nakapunta tayo dito di ba?” at “Sa susunod punta tayo dito.”

フィリピン出身のお母さん

私の子どもは、今、9歳ですが、4歳までフィリピンで育ったので、**私とはフィリピン語で会話し、日本人の夫とは日本語で会話**しています。2年に1度、夏休みを利用して家族で1ヶ月半、フィリピンに滞在するのですが、そのときに**フィリピンの友だちと遊んだり、親戚に会ったり**するので、フィリピン語を保持できているようです。また、夏の初めになると日本の**テレビ番組**でフィリピンの特集をするときがあるので、**子どもと一緒に**「ああ、ここ行ったよね」「今度、ここに行きたいね」と**楽しく観ています**。



Inang nanggaling sa Korea

Ang aking anak ay ipinanganak at lumaki sa bansang Hapon at nag-aaral siya sa senior high school. **Ginagamit ang wikang Koreano sa aming tahanan** kaya marunong siyang magsalita ng wikang Koreano. Maraming **DVD ng teleseryeng Koreano** sa video rental shop sa bansang Hapon kaya may mga pagkakataon din **kaming mag-inang manood nang masaya**. Pinag-usapan naming pamilya ang kanyang landas sa kinabukasan noong nag-aaral siya sa junior high school at nagpasiya siyang naghangad na pumasok sa pamantasan sa Korea. Nagsimula siyang masigasig na mag-aral hindi lamang ng Ingles maging wikang Koreano mula noon. **Sinusuportahan ng buong pamilya ang kanyang pag-aaral at landas sa kinabukasan** halimbawa naghahanap kami ng klase ng wikang Koreano at **naglalakbay kami sa Korea** sa mahabang bakasyon.

韓国出身のお母さん

私の子どもは日本で生まれ育ち、今は高校生です。**家庭内では韓国語を使っていたので**、韓国語の会話はできます。日本のレンタルショップには**韓国ドラマのDVD**がたくさんあるので、**親子で観て楽しむ**こともあります。子どもが中学生のとき、家族で進路について話し合ったのですが、子どもは韓国の大学を目指すことを決めました。それから、英語とともに韓国語の学習を本格的に始めました。**韓国語教室を探したり**、長期の休みに**韓国旅行をしたりして**、**家族全員で子どもの学習と進路をサポート**しています。

Amang nanggaling sa Tsina

Ang aking anak ay dumating sa bansang Hapon noong tatlong taong gulang pa lamang siya. Labing-isang taong gulang na siya at magaling na siyang mag-Hapon. Marunong ding mag-Hapon kaming mag-asawa kaya ginagamit ang wikang Intsik at wikang Hapon sa pag-uusap sa tahanan hanggang ngayon. Nitong mga nagdaang-araw, nagsimulang magsabi ang aking anak, "Gusto ko ang Tsina. Gusto ko pang mag-aral ng wikang Intsik at sa hinaharap, maghanap ng trabaho na kung saan maaari akong magpabalik-balik sa Tsina at bansang Hapon." Dahil siguro **nagkukuwento kami sa kanya uko! sa Tsina araw-araw mula noong maliit pa lamang siya**. Sa kasalukuyan nag-uusap kaming pamilya sa wikang Intsik. **Sumasali kaming pamilya sa mga event na Intsik** na isinasagawa sa prepektura tulad ng Chinese New Year upang **magkaroon ng pagkakataon kung saan siya maaaring matututo ng kulturang Intsik**.

中国出身のお父さん

私の子どもは3歳のときに来日しました。今は11歳になり、日本語が上手です。私たち夫婦も日本語ができますので、今まで家庭内の会話は中国語と日本語でした。最近、子どもが、「私、中国が大好き。中国語をもっと勉強して、将来、中国と日本を行ったり来たりする仕事をしたい」と言うようになりました。**幼いころより、毎日、中国の話をしてきた**からでしょう。今は、家族の会話は中国語です。また、春節祭など県内で開催される**中国のイベントに家族で参加し、中国文化に触れる機会を作っています**。

Amang nanggaling sa Brazil

Ang aking mga anak ay tatlong taong gulang, apat na taong gulang at walong taong gulang na. Sa hinaharap, binabalak naming umuwi sa Brazil kaya **nag-uusap kami sa wikang Portuguese sa tahanan** upang hindi nila makalimutan ito. **Dina-download din namin ang appli (application) atbp, kung saan maaaring mapag-aralan ang Portuguese** sa kompyuter at iPad, at **nag-aaral ang mag-ina habang naglalaro**. Sa araw na walang pasok, may mga pagkakataon din **ang lahat ng miyembro ng pamilya na nanonood ng DVD ng pelikulang Brazil** na ipinadala ng aking kaibigan. Hindi pa nakapunta sa Brazil ang aking anak na tatlong taong gulang at apat na taong gulang kaya sinusubukan naming mag-asawa na **magturo ng magandang bagay hinggil sa Brazil** habang nanonood kami ng pelikula.

ブラジル出身のお父さん

子どもは3歳、4歳と8歳です。いつかブラジルに帰国する予定なので、ポルトガル語を忘れないよう、**家庭ではポルトガル語で会話**をしています。また、パソコンやiPadに**ポルトガル語が学べるアプリなどをダウンロードして、親子で遊びながら学んでいます**。休日には、友人から送ってもらった**ブラジル映画のDVDを家族全員で観る**こともあります。

3歳と4歳の子どもはブラジルに行ったことがないので、私たち夫婦は映画を観ながら、**子どもたちにブラジルの素晴らしさを伝える**ようにしています。



Inang nanggaling sa Peru

Humihiram ako ng mga aklat na nakasulat sa Spanish sa Aichi International Association (AIA) at Nagoya International Center (NIC), at **nagbabasa kami ng aking anak** na tatlong taong gulang at limang taong gulang sa bahay. Sa AIA at NIC may iba't-ibang uri ng aklat mula sa aklat ng larawan hanggang sa nobela kaya masayang pumipili ng aklat kami ng mga anak ko. **Bumibili din ako ng mga nagugustuhang aklat mula sa internet at ito ay ilang ulit naming binabasa sa bahay**. Hindi lamang ang kanilang salita kundi damdamin at pagpapahayag ang umunlad mula noong nagbabasa kami ng aklat. Mula ngayon, iniisip kong ituro ang ABC sa kanila upang makapagbasa sila ng mga libro sa kanilang sarili.

ペルー出身のお母さん

愛知県国際交流協会 (AIA) や名古屋国際センター (NIC) で**スペイン語の本を借りて**、自宅で3歳と5歳の**子どもと一緒に読んでいます**。AIAとNICは絵本から小説までいろいろな本がそろっているので、子どもも私も、楽しみながら本を選んでいきます。また、**気に入った本はインターネットで購入し、自宅でも何度も読んでいます**。私の子どもは本を読むようになってから、言葉だけではなく、感情や表現力も豊かになりました。これからは一人でも本を読むことができるよう、ABCを教えようかなと考えています。




Hanap tayo, punta tayo ng pambatang klase ng wikang kinagisanan

探してみよう 行ってみよう
子どもの母語教室

CHINESE 中国語		
CITY	NAME	INFORMATION
① Toyota 豊田市	Kahou no Tomo (→p. 13/14) 華豊の友	Tel : 0565-52-0362 Fax : 0565-52-0363 E-mail : yanglin333@hotmail.com http://www.aste-toyota.jp/kaho/kaho_j.html
KOREAN 韓国・朝鮮語		
CITY	NAME	INFORMATION
② Nagoya 名古屋市	Korean Net Aichi (→p. 13/14) NPO法人 コリアンネットあいち	Tel : 052-910-3309 Fax : 052-991-0092 E-mail : polamtea@yahoo.co.jp http://www.kn-aichi.or.jp/
SPANISH スペイン語		
CITY	NAME	INFORMATION
③ Nagoya 名古屋市	IPE QUINA (→p. 19) 九番団地スペイン語教室 イペキーナ	Tel : 070-5642-1618 E-mail : manabiya_kyuban@yahoo.co.jp
④ Nagoya 名古屋市	SANKEI CONSULTING Co., Ltd (株) 三恵コンサルティング	Tel : 052-950-7813 Fax : 052-950-7782 E-mail : info@sankeiconsulting.co.jp http://www.sankeiconsulting.co.jp/
⑤ Inuyama 犬山市	NPO Shake Hands NPO法人 シェイクハンズ	Tel : 0568-39-5266 Fax : 0568-68-9146 E-mail : info@shake-hands.jp http://shake-hands.jp/foreigner/foreigner.html
⑥ Toyokawa 豊川市	PECLA (→p. 15/16) 豊川市国際交流協会 ラテンアメリカ部会	Tel : 0533-83-1571 Fax : 0533-83-1581 E-mail : tia@yui.or.jp http://www.yui.or.jp/tia/
⑦ Toyohashi 豊橋市	NPO Frontier Toyohashi (→p. 17/18) NPO法人 フロンティア豊橋	Tel/Fax : 0532-55-5470 E-mail : frontier-ty@tees.jp
PORTUGUESE ポルトガル語		
CITY	NAME	INFORMATION
⑧ Nagoya 名古屋市	IPE QUINA (→p. 19) 九番団地ポルトガル語教室 イペキーナ	Tel : 070-5642-1618 E-mail : manabiya_kyuban@yahoo.co.jp
⑨ Komaki 小牧市	Curso de Português-Oshiro Jidokan 大城児童館ポルトガル語教室	Tel:0568-78-0046 Fax:0568-78-0885
⑩ Komaki 小牧市	Projeto Divertido Aprender プロジェクト ジベルチード アプレNDER	Tel:090-9910-2684

⑪	Toyota 豊田市	Luz da Esperança ルース ダ エスペランサ 希望の光	Tel : 090-6644-5869
⑫	Toyokawa 豊川市	PECLA(→p. 15/16) 豊川市国際交流協会 ラテンアメリカ部会	Tel : 0533-83-1571 Fax : 0533-83-1581 E-mail : tia@yui.or.jp http://www.yui.or.jp/tia/
⑬	Toyohashi 豊橋市	NPO ABT(→p. 17/18) Associação Brasileira de Toyohashi NPO法人 ABT豊橋ブラジル協会	Tel : 0532-39-3437 Fax : 0532-39-5591 E-mail : info@npoabt.jp http://abttoyohashi.wordpress.com/
⑭	Toyohashi 豊橋市	NPO Frontier Toyohashi(→p. 17/18) NPO法人 フロンティア豊橋	Tel/Fax : 0532-55-5470 E-mail : frontier-ty@tees.jp



Tinitipon ang impormasyon ukol sa klase ng wikang kinagisanan at samahan. Maaari po lamang na ipaalang sa nakasulat sa ibaba pag mayroon kayong maibibigay na impormasyon.

**Panukalang Gawain sa Pagtulong sa Wikang Kinagisanan
ng mga Batang May Kaugnayan sa Ibang Bansa, sa Aichi**

母語教室や団体の情報を集めています。情報を提供して下さる方は、下記までご連絡ください。
 <愛知 外国につながる子どもの母語支援プロジェクト>

TEL: 052-228-8235, E-mail: mrc-t@nifty.com

Mga samahan kung saan napapag-aralan ang mga asignatura sa wikang kinagisanan

母語で学習ができる団体(学校)

FILIPINO フィリピン語

	CITY	NAME	INFORMATION
A	Owari-asahi 尾張旭市	ELCC-Ecumenical Learning Center for Children (→p. 15/16) 国際子ども学校	Tel : 052-781-0165 Fax : 052-781-4334 http://www.nskk.org/chubu/alc/info-2/elcc/

ENGLISH 英語

	CITY	NAME	INFORMATION
B	Nagoya 名古屋市	Nagoya International School 名古屋国際学園	Tel : 052-736-2025 Fax : 052-736-3883 http://www.nisjapan.jp/

KOREAN 韓国・朝鮮語

	CITY	NAME	INFORMATION
C	Nagoya 名古屋市	Nagoya Korean Elementary School 名古屋朝鮮初級学校	Tel : 052-451-4725 Fax : 052-452-3771
D	Kasugai 春日井市	Toshun Korean Elementary School 東春朝鮮初級学校	Tel : 0568-81-3035 Fax : 0568-87-3270 http://tosyun.kir.jp/
E	Seto 瀬戸市	Aichi Korean Seventh Elementary School 愛知朝鮮第七初級学校	Tel : 0561-82-6308 Fax : 0561-82-6312 http://aichi7.2.pro.tok2.com/
F	Toyoake 豊明市	Aichi Korean Middle & High School 愛知朝鮮中高級学校	Tel : 0562-97-1324 Fax : 0562-97-6419 http://www.a-chungo.ac.jp/gakkou/
G	Toyohashi 豊橋市	Toyohashi Korean Elementary School 豊橋朝鮮初級学校	Tel : 0532-48-0224 Fax : 0532-48-0229

PORTUGUESE ポルトガル語

	CITY	NAME	INFORMATION
H	Anjo 安城市	Escola São Paulo エスコラ サンパウロ	Tel : 0566-72-5545 Fax : 0566-96-1006
I	Inazawa 稲沢市	Colégio Sal e Luz-Inazawa コレジオ サウ イ ルース 稲沢	Tel/Fax : 0587-81-5488 http://www.colegiosaleluz.com
J	Seto 瀬戸市	Escola Paulo Freire エスコラ パウロ フレイレ	Tel : 0565-43-1607
K	Toyota 豊田市	Escola Alegria de Saber - Toyota エスコラ アレグリア デ サベール 豊田	Tel : 0565-46-1313・46-4479 Fax : 0565-46-1313 http://www.alegriadesaber.jp
L	Toyota 豊田市	Colégio Sal e Luz-Toyota コレジオ サウ イ ルース 豊田	Tel/Fax : 0565-47-4623 http://www.colegiosaleluz.com
M	Toyota 豊田市	Escola Néctar エスコラ ネクター	Tel/Fax : 0565-46-1844
N	Toyota 豊田市	Escola Pintando o Sete エスコラ ピンタンド オ セッチ	Tel/Fax : 0565-43-3987
O	Toyohashi 豊橋市	Happy Family ハッピー ファミリー	Tel/Fax : 0532-69-0720
P	Toyohashi 豊橋市	Escola Alegria de Saber - Toyohashi エスコラ アレグリア デ サベール 豊橋	Tel : 0532-54-0450 Fax : 0532-57-2018 http://www.alegriadesaber.jp
Q	Toyohashi 豊橋市	Escola Cantinho Brasileiro エスコラ カンチーニョ ブラジレイロ	Tel : 0532-69-3434 Fax : 0532-69-3435 http://www.cantinhobrasileiro.com
R	Hekinan 碧南市	Escola Alegria de Saber - Hekinan エスコラ アレグリア デ サベール 碧南	Tel : 0566-46-3404・43-3222 Fax : 0566-46-3404 http://www.alegriadesaber.jp
S	Hekinan 碧南市	Escola Sementinha de Jesus エスコラ セメンチーニャ デ ジェズ	Tel : 0566-46-3722
T	Taketoyo 武豊町	Escola Expressão エスコラ エスプレッサオン	Tel : 0569-84-1819

Chinese
Toyota City

KAHOU no TOMO

Pagsisimula ng edukasyon ng wikang kinagisnan: Taong 2005

Araw ng aktibidad: 18:30-21:00 tuwing Biyernes (Minsan ginagawa din sa 14:00-17:00 ng Linggo)

Lugar: Toyota International Association

Bayad para sa pagsali: 1,000yen/isang beses

Mga nakakapag-aral sa klase: Edad 4 – 18

Kontakin: TEL 0565-52-0362 FAX 0565-52-0363 E-mail yanglin333@hotmail.com

Materyal: Nakukuha galing sa embahada. Ginagamit din ang mga materyal na ginawa ng tagapagturo.

Komentaryo:

Ang mga tagapagturong may karanasan ng pagtuturo ang nagsasagawa ng klase at ginagamit ang iba't ibang pamamaraan batay sa kakayahan, katangian ng bawa't mag-aaral. Ginagawa din ang mga event, kanta, sayaw ng Tsina upang masaya silang mag-aaral. Ang klaseng ito ay isang lugar kung saan sumasangguni at nakakapagpabawas ng stress ang mga magulang. Sa aktibidad na ito, inaasahan namin na ang mga bata ay mag-uugnay sa pagitan ng bansang Hapon at Tsina sa hinaharap.

Korean
Nagoya City

Korean Net Aichi

Korea Norimadang (puwang para sa laro)

Pagsisimula ng edukasyon ng wikang kinagisnan: Taong 2007

Araw ng aktibidad: Ginagawa pag may kailangan. May mga malaking event sa Agosto, Enero at Marso.

Lugar: Ang mga event ay ginagawa sa Will Aichi atbp.

Bayad para sa pagsali: 500yen/isang event

Mga makakasali sa klase: Koreanong mag-aaral sa elementary school na naninirahan sa bansang Hapon at kanilang kaibigan

Kontakin: TEL 052-910-3309 FAX 052-991-0092 E-mail polamtea@yahoo.co.jp

Materyal: Aklat-aralin na ginawa namin sa sarili at aklat-aralin na binili sa Korea

Komentaro: Sa Norimadang, pinapag-aralan lalo na ang kultura ng Korea sa pamamagitan ng laro. Inaasahan namin na gagamitin din ang programa ng KOREA Norimadang sa klase ng integrated studies sa mga paaralan. Ipinapadala din ang tagapagturo sa mga klase ng wikang kinagisnan sa mga komunidad. Sa kasalukuyan nag-aaral ang mga Koreanong mag-aaral ng senior high school sa mga klase sa Lungsod ng Okazaki at sa Minami Ward ng Lungsod ng Nagoya. Binabalak namin ang pagtatatag ng klase ng wikang kinagisnan sa Kita Ward at sa Nakamura Ward ng Lungsod ng Nagoya.

中国語
豊田市

KAHOU no TOMO

華豊の友

母語教育活動開始 2005 年（平成 17 年）

活動日 毎週金曜日 18:30～21:00 （日曜日 14:00～17:00 に活動することもあり）

会場 豊田市国際交流協会

参加費 1,000 円/回

対象者 4～18 歳

連絡先 TEL 0565-52-0362 FAX 0565-52-0363

E-mail yanglin333@hotmail.com

教材 大使館から入手。指導担当者が作成することもあります。

コメント

指導者は講師経験のある人が担当し、子どもにあわせて、授業内容を工夫しています。楽しく参加できるように、中国の行事や、歌、踊りなども行っています。また、教室は、保護者たちの相談やストレス解消の場にもなっています。将来、子どもたちが、日中交流のかけ橋になってくれることを願って活動しています。



韓国朝鮮語
名古屋市

Korean Net Aichi

NPO法人コリアンネットあいち KOREAノリマダン（遊びの広場）

母語教育活動開始 2007 年（平成 19 年）

活動日 随時開催。8 月、1 月、3 月に大きなイベントがある。

会場 イベント会場はウィルあいち、他。

参加費 イベント参加費：500 円/回

対象者 在日コリアン児童およびその友人

連絡先 TEL 052-910-3309 FAX 052-991-0092

E-mail polamtea@yahoo.co.jp

教材 オリジナルテキストおよび韓国から購入したテキスト

コメント

ノリマダンでは、主にコリアン文化について遊びを通して学びます。学校の総合学習などでも KOREAノリマダンのプログラムを活用して頂きたいと思っています。地域の母語教室にも講師を派遣しており、現在は、岡崎市、名古屋市南区の教室で、コリアンの高校生たちが学んでいます。名古屋市北区・中村区での母語教室も予定しています。



Filipino
Owari-asahi City

ELCC
Ecumenical Learning Center for Children

Pagsisimula ng edukasyon ng wikang kinagisnan: Taong 1998

Araw ng aktibidad: 9:50-14:30 sa karaniwang araw (Mula Lunes hanggang Biyernes)

Lugar: Lungsod Owariasahi, Prepektura ng Aichi

Bayad para sa pagsali: 20,000yen/isang buwan

Mga makakapag-aral sa klase: Edad 4 – 12

Kontakin: TEL 052-781-0165 FAX 052-781-4334 E-mail alc.chubu@nssk.org

Materyal: Aklat-aralin, aklat na sanggunian, CD atbp ng Pilipinas

Komentaryo:

Ang hangarin ng aming aktibidad ay “Ang lahat ng bata ay magkapantay na tumatanggap ng kinakailangang edukasyon sa loob ng kapaligiran kung saan nararamdaman nila ang kaginhawahan”. Sa paaralang ito, napapag-aralan ang iba’t ibang asignatura gamit ang wikang kinagisnan lalo na sa mga klase sa Filipino, Ingles (pangalawang opisyal na wika sa Pilipinas) at wikang Hapon. Masugid din naming tinutulungan ang mga magulang.

Portuguese and Spanish
Toyokawa City

PECLA

Programa ng Edukasyon ng Komite ng Latin America,
Toyokawa International Association

Pagsisimula ng edukasyon ng wikang kinagisnan: Taong 2002

Araw ng aktibidad: 14:00-17:00 tuwing Sabado

Lugar: “With Toyokawa”, bulwagan ng kapakanang panlipunan sa Lungsod Toyokawa

Bayad para sa pagsali: 10,000yen/isang taon

Mga makakapag-aral sa klase: Edad 6 – 15

Kontakin: TEL 0533-83-1571 FAX 0533-83-1581 E-mail tia@yui.or.jp

Materyal: Aklat-aralin at DVD na nabili sa internet atbp.

Komentaryo: Ang PECLA ay isinasagawa lalo na ng mga magulang na umaasa na hindi makakalimutan ng mga bata ang kanilang wikang kinagisnan. Ang tauhang may qualification ng guro ang nagtuturo. May tatlong kurso na Portuguese, Spanish at wikang Hapon, at malayang napipili ang kurso at oras batay sa layunin. Sa aktibidad na ito, inaasahan namin na ang mga bata ay mabilis na masasanay sa lipunan ng bansang Hapon at mapapaunlad ang kasanayan sa wikang kinagisnan para sa maayos na pakikipag-usap sa pagitan ng mga magulang at anak.

フィリピン語
尾張旭市

ELCC
国際子ども学校

- 母語教育活動開始 1998 年（平成 10 年）
- 活動日 平日（月曜日から金曜日） 9:50～14:30
- 会場 愛知県尾張旭市
- 参加費 20,000 円/月
- 対象者 4～12 歳
- 連絡先 TEL 052-781-0165 FAX 052-781-4334
E-mail alc.chubu@nssk.org
- 教材 本国の教科書や参考書、CD など

コメント

私たちは、「安心できる環境のなかで、すべての子どもたちが等しく、必要な教育を受けることができること」を目指して活動しています。学校では、フィリピン語と英語（フィリピンの第二公用語）、日本語の授業を柱に、母語を使用しながら様々な教科を学ぶことができます。また、保護者のサポートも積極的に行っています。

ポルトガル語・スペイン語
豊川市

PECLA

PECLA 豊川市国際交流協会ラテンアメリカ部会教育プログラム

- 母語教育活動開始 2002 年（平成 14 年）
- 活動日 毎週土曜日 14:00～17:00
- 会場 豊川市社会福祉会館「ウィズ豊川」
- 参加費 10,000 円/年
- 対象者 6～15 歳
- 連絡先 TEL 0533-83-1571 FAX 0533-83-1581 E-mail tia@yui.or.jp
- 教材 インターネットサイトなどで購入した教科書や DVD 教材を使用。



コメント

PECLA は「子どもたちに母語を忘れて欲しくない」と願う保護者が中心となって活動しています。指導は教員資格のある人が担当しています。ポルトガル語、スペイン語、日本語の 3 つのコースがあり、目的によってコースや時間を自由に選択できるのが特徴です。子どもたちが日本社会へ早期適応できるように、また、子どもたちが母語の能力を伸ばし、親子のコミュニケーションが円滑になるようにと願って活動しています。

Portuguese

NPO-ABT

Toyohashi City

Toyohashi Brazilian Association

Pagsisimula ng edukasyon ng wikang kinagisnan: Taong 2007**Araw ng aktibidad:** 19:00-20:30 tuwing Martes, 9:00-10:30/10:30-12:00 tuwing Sabado**Lugar:** Espaso ABT**Bayad para sa pagsali:** 6,000yen/isang buwan para sa kasapi, 7,000yen/isang buwan para sa hindi kasapi**Mga makakapag-aral sa klase:** Elementary – Junior high student**Kontakin:** TEL 0532-39-3437 FAX 0532-39-5591 E-mail info@npoabt.jp**Materyal:** Ginagawa batay sa kakayahan ng bawa't mag-aaral at sentrong ginagamit ang mga aklat-aralin mula sa sariling bansa.**Komentaryo:** Ang mga nagtuturp sa klase ay may mga karanasan ng pagtuturo sa Brazil. Nagtuturo kaming maingat sa mga bata batay sa kakayahan at layunin ng pag-aaral ng wikang kinagisnan ng bawa't isa. Ang katangian ng aming aktibidad ay nagpapahalaga ng identity at ang nangangasiwa at mga nagtuturo ay mula sa Brazil. Sinasamantala namin ang karanasan sa Brazil at bansang Hapon at tumatanggap din kami ng iba't-ibang konsultasyon mula sa mga magulang.

Portuguese and Spanish

FRONTIER TOYOHASHI

Toyohashi City

Pagsisimula ng edukasyon ng wikang kinagisnan: Taong 2013 *Itinatag ang samahan noong taong 2006**Araw ng aktibidad:** 14:00-16:00 tuwing Sabado**Lugar:** Portuguese: sa silid-pulungan ng housing complex ng Iwata

Spanish: sa Toyohashi Youth Center

Bayad para sa pagsali: Walang bayad (Hindi pa matiyak mula Abril, 2013)**Mga makakapag-aral sa klase:** Edad 6 – 10**Kontakin:** TEL/FAX 0532-55-5470 E-mail frontier-ty@tees.jp**Materyal:** Ginagamit ang mga aklat-aralin at word card ng sariling bansa. Ginagamit din ang laro at kanta.**Komentaryo:** Dahil maraming magulang ang nagnanais umuwi sa kanilang bansa sa hinaharap, binibigyang diin ang pagbabasa at pagsusulat ng wikang kinagisnan upang maipagpatuloy ng mga bata ang kanilang pag-aaral pagkauwi sa kanilang bansa. Ang saligang bagay ang unang pinag-aaralan at itinataas ang antas nang unti-unti. Lubhang mahalaga ang pagkatuto ng wikang kinagisnan, unang wika para sa mga bata, para sa pagtatatag ng identity at pakikipag-usap sa pagitan ng mga magulang at anak. Inaasahan namin na makakatulong doon ang klaseng ito hangga't maaari.

ポルトガル語
豊橋市**NPO-ABT**

NPO法人 ABT豊橋ブラジル協会 アルファベチザサォンクラス

母語教育活動開始 2007 年（平成 19 年）

活動日 毎週火曜日 19:00~20:30 毎週土曜日 9:00~10:30/10:30~12:00

会 場 エスパソABT

参加費 会員 6,000 円/月 非会員 7,000 円/月

対象者 小学生~中学生

連絡先 TEL 0532-39-3437 FAX 0532-39-5591

E-mail info@npoabt.jp

教 材 本国の教科書を中心に一人ひとりの能力に合わせて教材を作成。

コメント

ブラジルで指導経験のある講師による授業をおこなっています。一人ひとりの能力や、母語を学ぶ目的にあわせて、きめ細かい指導をおこないます。私たちの活動の特長はアイデンティティを重んじ、ブラジル国籍を持つスタッフにより運営・指導をしていることです。また、ブラジルや日本での経験を活かし、保護者からのさまざまな相談も受けています。

ポルトガル語・スペイン語
豊橋市**FRONTIER TOYOHASHI**

NPO法人 フロンティアとよはし

母語教育活動開始 2013 年（平成 25 年） ※団体設立は 2006 年（平成 18 年）

活動日 毎週土曜日 14:00~16:00

会 場 ポルトガル語：岩田団地集会所

スペイン語：豊橋市青少年センター

参加費 無料（2013 年 4 月以降は未定）

対象者 6~10 歳

連絡先 TEL/FAX 0532-55-5470 E-mail frontier-ty@tees.jp

教 材 本国の教科書や単語カードなどを使用。ゲームや歌なども活用している。

コメント

将来、帰国を考えている保護者が多いので、帰国しても学習が継続できるよう、母語の読み書きを中心に指導を行っています。基礎学習から始め、だんだんとレベルを上げていきます。アイデンティティの確立や親とのコミュニケーションには、子どもにとって第一言語である母語の習得は不可欠です。この教室が、少しでもその役に立つことができれば良いと思います。



Portuguese and Spanish
Nagoya City

IPE QUINA

Pambatang Klase ng Wikang Portuguese at Spanish
sa Kyuban Danchi

Pagsisimula ng edukasyon ng wikang kinagisnan: Taong 2013

Araw ng aktibidad: [Portuguese]

- Klase para sa edad 5 – 7: 16:00-17:00 tuwing Miyerkules, 10:00-12:00 tuwing Sabado
- Klase para sa edad 8 – 12: 17:00-18:00 tuwing Huwebes at Biyernes
- Klase para sa edad 13 – 15: 18:30-19:30 tuwing Huwebes at Biyernes
[Spanish] 17:00-18:00 tuwing Miyerkules, 10:00-11:00 tuwing Sabado

Lugar: Silid-pulungan ng gusali 1 ng housing complex ng Kyuban

Bayad para sa pagsali: Walang bayad (Hindi pa matiyak mula Abril, 2013)

Mga makakapag-aral sa klase: Portuguese: Edad 5 – 15, Spanish: Edad 8 – 15

Kontakin: TEL 070-5642-1618 E-mail manabiya_kyuban@yahoo.co.jp

Materyal: Ginagamit ang mga aklat-aralin na nabili sa tindahang aklat at kompanya ng aklat-aralin ng Brazil at ang mga materyal na na-download sa website. Ginagawa din ang maraming materyal ng aming sarili.

Komentaryo: Ang nagsasagawa ng klase sa maraming bata batay sa kakayahan ng bawa't isa ay mga guro na may karanasan ng pagtuturo. Ginagamit ang iba't ibang pamamaraan sa bawa't klase upang masaya silang mag-aral ng wikang kinagisnan.

ポルトガル語・スペイン語
名古屋市

IPE QUINA

九番団地子どもポルトガル語・スペイン語教室イペキーナ

母語教育活動開始 2013年(平成25年)

活動日 【ポルトガル語】5~7歳クラス:毎週水曜日 16:00~17:00・毎週土曜日 10:00~12:00

8~12歳クラス:毎週木・金曜日 17:00~18:00

13~15歳クラス:毎週木・金曜日 18:30~19:30

【スペイン語】 毎週水曜日 17:00~18:00・毎週土曜日 10:00~11:00

会場 九番団地 1棟集会所

参加費 無料(2013年4月以降は未定)

対象者 ポルトガル語:5~15歳 スペイン語:8~15歳

連絡先 TEL 070-5642-1618 E-mail manabiya_kyuban@yahoo.co.jp


教材 ブラジル本国の書店や教科書会社から購入した教科書やインターネットサイトからダウンロードした教材を使用。手作りの教材もたくさん作成しています。

コメント 語学指導経験がある指導者により、一人ひとりの能力に対応しながら一斉授業をおこなっています。子どもたちが楽しく母語が学べるよう、毎回、工夫をしています。



Itatag ang klase ng wikang kinagisnan!

----- 母語教室をつくってみませんか



Ang PECLA(p.15) ay pambatang klase ng wikang kinagisnan na itinatag lalo na ng mga magulang na nanggaling sa Latin America at umaasa na pagyamanin ang wikang kinagisnan ng mga bata. Sa kasalukuyan isinasagawa ang tatlong kurso sa wikang Portuguese, Spanish at wikang Hapon sa pakikipagtulungan ng Toyokawa International Association. Taun-taon pinipili ang pinuno mula sa mga magulang at itinatakda ang patakaran sa pangangasiwa at bayad ng kasapi sa loob ng isang taon sa pulong ng mga magulang.

May klase tulad nito na isinasagawa sa pakikipagtulungan ng tahanan at komunidad. Nais ba ninyong magsimula ng aktibidad na magpapayaman ng wikang kinagisnan ng mga bata, gamit ang Q&A na nasa ibaba bilang sanggunian?

PECLA(p.16)は、「子どもの母語を育てたい」と願う、ラテンアメリカ出身の保護者が集まって始めた、子どものための母語教室です。現在は、豊川市国際交流協会の協力も得て、ポルトガル語、スペイン語、日本語の3つのコースを作って活動しています。毎年、保護者からリーダーを選出し、保護者会議で1年間の運営方針や年会費を決めているのが特徴です。このように、家庭とコミュニティが連携して活動している教室もあります。みなさんも以下のQ&Aを参考に、子どもの母語を育てる活動を始めてみませんか？

Q 1. Ano ang kailangan upang itatag ang klase ng wikang kinagisnan?

A1. Ang “pagnanais na gawin” ang unang kailangan!

Kinakailangan ang mahabang panahon upang matuto ng wika at kultura. Mahalaga na isiping mabuti kung bakit nais mong itatag ang klase ng wikang kinagisnan at magtakda ng hangarin para sa aktibidad upang matiyagang ipagpatuloy ang klase. Mahirap ding mag-isang mangasiwa ng klase ng wikang kinagisnan. Tipunin ang mga kasamahan na makikipagtulungan sa iyo! Mahalaga din ang pagkakasundo kung walang bayad o may bayad sa kanila at pagbibigay-alam sa kanila bago sila sumali sa aktibidad. Mas madaling makukuha ang kinakailangang impormasyon kung may pakikipagtulungan ng mga Hapon kaya maghanap din ng makakasamang Hapon na maaaring makatulong sa iyong aktibidad.

Q 1. 母語教室を開催するために、何が必要ですか？

A1. まずは、やる気！ 語学や文化の習得には長い時間がかかります。根気よく続けていけるように「どうして母語教室をやりたいのか」をよく考え、熱意をもって取り組むことが大切です。また、母語教室を一人で運営するのは大変です。協力してくれる仲間を集めましょう。その際にボランティアが有償かを決めて、予め伝えておくことも大切です。さらに、日本人の協力があると必要な情報を得やすくなりますので、みなさんの活動を応援してくれる日本人の協力者を見つけましょう。

Q 2. Anu-ano ang mga lugar na nababagay sa klase ng wikang kinagisnan?

A2. Ang sariling bahay, silid-pulungan ng housing complex, pampublikong institusyon tulad ng community center, at free space at silid para sa pulong ng mga international association, tindahan, atbp., ang itinuturing na naaangkop na lugar. Pagpili ng lugar para sa klase, isaalang-alang (1)kung gaano kalaking lugar ang kailangan, (2)upa, (3)kung madaling magtipon ang mga kasali sa lugar na iyon.

Q 2. 母語教室の会場にはどのような場所がありますか？

A2. 自宅や団地の集会所、公民館などの公共施設、国際交流協会のフリースペースや会議室、店舗などが考えられます。教室選びの際には、①どのくらいの広さが必要か、②賃料、③参加者が集まりやすい場所かどうかなどを考慮しましょう。

Q 3. Anong uri ng materyal ang ginagamit sa klase ng wikang kinagisnan? Saan makukuha ang mga materyal na iyon?

A3. Sa mga pinapangasiwaang klase, ginagamit ang mga aklat-aralin at mga pambatang materyal na ginagamit sa kanilang sariling bansa, at ginagawa ang mga sariling materyal. Ang mga materyal na ito ay ibinibigay ng embahada at konsulado nang walang bayad, nabibili sa tindahan kung saan ibinibenta ang mga sari-saring paninda at pagkain ng ibang bansa. Mas madali nang nakakakuha ng iba't-ibang materyal dahil nagagamit ang application ng website at nabibili din sa website sa mga panahong ito,

Q 3. 教材はどのようなものを使用していますか？ また、どこで入手できますか？

A3. 既存の教室では、本国で使用されている教科書や子ども向けの教材を活用したり、オリジナル教材を作成したりしています。こうした教材は大使館や領事館で無料で提供してもらえたり、外国の雑貨や食材を販売しているお店で購入することができます。近年は Web のアプリを活用したり、インターネットサイトを通じて購入することもできるようになったため、様々な教材が手に入りやすくなっています。

Q 4. Anu-ano ang kailangang gastos para sa pangasiwaan ng klase ng wikang kinagisnan?

A4. Halimbawa, kailangan ang gastos para sa kopya ng mga materyal, ang upa sa lugar, ang bayad sa mga guro atbp. Subali't mahahanap din ang iba pang mga magandang pamamaraan halimbawa gagamitin ang lugar na walang bayad upang hindi kailanganin ang malaking halaga. Ang isang mahalaga din ang paghahanap ng iba't ibang pamamaraan depende sa kalagayan nauukol sa pananalapi upang ipagpatuloy ang aktibidad. Magagamit din ang matrikula ng mga kasali sa klase at ang mga pondong makukuha galing sa labas ng organisasyon tulad ng kaloob, tulong na salapi at donasyon. Mahalaga ang pagkuha ng ilang mga pondo upang maipagpatuloy ng matagal ang klase.

Q 4. 母語教室の運営では、どのようなところにお金がかかりますか？

A4. 例えば、教材のコピー代、会場代、先生への謝礼等にお金がかかります。ただし、無料の会場を借りるなどお金がかからないように工夫することもできますので、財政状況に合わせて工夫していくことも活動を継続するためのポイントです。また、参加者からの受講料、助成金や補助金・寄付など、外部からもらえるお金を活用することもできます。長く続けていくために複数の財源を確保しておくことは重要です。

Q 5. Paano makakalap ang mga kasali?

A5. May mga pamamaraan na maaaring gawin tulad ng, flyer at ipamimigay iyon sa kapitbahay, ianunsyo gamit ang social networking service tulad ng Facebook at Twitter, ipagbigay-alam ang impormasyon sa pamamagitan ng inyong mga kaibigan gamit ang personal na komunikasyon, at sa mga nursery, kinder, paaralang elementarya, atbp., upang maipaalam sa mga mag-aaral at mga magulang.

Q 5. 参加者募集はどのように行ったらいいですか？

A5. チラシを作成して近隣に配布する、Facebook や Twitter などソーシャルネットワーキングサービス (SNS) を活用して宣伝する、友人を通じて口コミで情報を伝えてもらう、保育園や幼稚園、小学校等から知らせてもらうなどの方法があります。

Q 6. Iba't-iba ang kakayahan ng mga kasaling bata. Ano ba ang dapat gawin?

A6. Sa mga pinapangasiwaang klase, may naghahati ng grupo at oras ayon sa kakayahan at mayroon ding gumagamit ng mga materyal na wasto sa bawat kakayahan sa loob ng isang klase. Pag-usapan ng mga nag-aasikaso ng klase upang isipin ang magandang sistemang naaangkop sa klase.

Q 6. 集まってきた子どもたちのレベルがバラバラです。どうしたらいいですか？

A6. 既存の教室では、レベルごとにクラスや時間帯をわけているところや同じクラスの中でそれぞれのレベルに合わせた教材を用意して行っているところがあります。スタッフ間で相談して、教室にあった形態を考えましょう。

Para sa iba pang katanungan at pagsangguni 其他のご質問、ご相談

◎Hinggil sa pangasiwaan ng klase ng wikang kinagisnan 母語教室の運営に関すること

- ・ Klase ng wikang kinagisnan na nakasulat sa booklet na ito (sa pahina 13-19) 本誌掲載の母語教室(p13~19)
- ・ Panukalang Gawain sa Pagtulong sa Wikang Kinagisnan ng mga Batang May Kaugnayan sa Ibang Bansa, sa Aichi 愛知 外国につながる子どもの母語支援プロジェクト TEL: 052-228-8235, E-mail: mrc-t@nifty.com

◎Hinggil sa nagagamit na pondo tulad ng kalob, tulong na salapi atbp 助成金や補助金など活用できる資金に関すること

- ・ Panukalang Gawain sa Pagtulong sa Wikang Kinagisnan ng mga Batang May Kaugnayan sa Ibang Bansa, sa Aichi 愛知 外国につながる子どもの母語支援プロジェクト

Listahan ng mga Miyembro sa Komite ng Pagpapanukala at Pagpatnugot ng
 “Support Book Para sa Edukasyon ng Wikang Kinagisanan”
 (Hindi nakasama ang titulo)

ITO Kiyoe : Kinatawan ng Torcida, Specified Nonprofit Corporation

Virgínia Yumi OSHIMA : Tagapagtaguyod ng Pagkakasamang Buhay ng Iba't ibang Kultura sa Munisipyo ng Lungsod Inuyama

OKI Kumiko : Pangkat ng Publisidad at Impormasyon, Nagoya International Center, Public Interest Incorporated Foundation

KIM Sune : Pinuno ng Secretaryo ng Korean Net Aichi, Specified Nonprofit Corporation

KURIKI Rie : Pinuno ng Pangkat ng Pakikipag-ugnayan at Pagkakasamang Buhay, Aichi International Association, Public Interest Incorporated Foundation

KOJIMA Yoshimi : Associate Professor, Aichi Shukutoku University

Sala LIDIA : Associate Professor, Aichi Prefectural University

TSUKAHARA Nobuyuki : Associate Professor, Kyoto University

MATSUMOTO Kazuko : Lecturer, Aichi University of Education & Aichi Shukutoku University

MIKAMI Ken-ichi : Kinakatawag Patnugot ng Sankei Consulting Co., Ltd.

Lilian Terumi HATANO : Associate Professor, Kinki University

Kaho no Tomo

Pambatang Klase ng Wikang Portuguese at Spanish sa Kyuban Danchi IPE QUINA

Ecumenical Learning Center for Children

Frontier Toyohashi, Specified Nonprofit Corporation

Programa ng Edukasyon ng Komite ng Latin America, Toyokawa International Association (PECLA)

KAWAGUCHI Yuko : Panukalang Gawain sa Pagtulong sa Wikang Kinagisanan ng mga Batang May Kaugnayan sa Ibang Bansa, sa Aichi

KAWAMURA Makiko : Panukalang Gawain sa Pagtulong sa Wikang Kinagisanan ng mga Batang May Kaugnayan sa Ibang Bansa, sa Aichi

HORIE Yui : Panukalang Gawain sa Pagtulong sa Wikang Kinagisanan ng mga Batang May Kaugnayan sa Ibang Bansa, sa Aichi

MATSUDA Kaoru : Panukalang Gawain sa Pagtulong sa Wikang Kinagisanan ng mga Batang May Kaugnayan sa Ibang Bansa, sa Aichi

INAMI Tomoko : Kawani ng Pinuno ng Tanggapan, Tanggapan ng Pagtataguyod ng Pagkakasamang Buhay ng Iba't ibang Kultura, Pangkat ng Pandaigdig, Sangay ng Pagtataguyod ng Pook, Prepektura ng Aichi

OHASHI Michito : Pinuno ng Tagapamahala, Tanggapan ng Pagtataguyod ng Pagkakasamang Buhay ng Iba't ibang Kultura, Pangkat ng Pandaigdig, Sangay ng Pagtataguyod ng Pook, Probinsiya ng Aichi

OGASAWARA Mihoko : Tagapamahala, Tanggapan ng Pagtataguyod ng Pagkakasamang Buhay ng Iba't ibang Kultura, Pangkat ng Pandaigdig, Sangay ng Pagtataguyod ng Pook, Prepektura ng Aichi

NAGATA Sumiko : Pinuno, Tanggapan ng Pagtataguyod ng Pagkakasamang Buhay ng Iba't ibang Kultura, Pangkat ng Pandaigdig, Sangay ng Pagtataguyod ng Pook, Probinsiya ng Aichi

(Tagapagsalin—Filipino)

YAMOTO Kimi : Ph.D. Candidate, Graduate School of Human Sciences, Osaka University

「母語教育サポートブック」企画編集委員 委員名簿（敬称略）

伊東 浄江	特定非営利活動法人 トルシーダ 代表
大島ヴィルジニア ユミ	犬山市役所 多文化共生推進員
沖 久美子	公益財団法人 名古屋国際センター 広報情報課
金 順愛	特定非営利活動法人 コリアンネットあいち 事務局長
栗木 梨衣	公益財団法人 愛知県国際交流協会 交流共生課 課長
小島 祥美	愛知淑徳大学 准教授
サラ リディア	愛知県立大学 准教授
塚原 信行	京都大学 准教授
松本 一子	愛知教育大学・愛知淑徳大学 講師
三上 憲一	株式会社 三恵コンサルティング 代表取締役
リリアン テルミ ハタノ	近畿大学 准教授

華豊の友

九番団地こどもポルトガル語・スペイン語教室イペキーナ

国際子ども学校

特定非営利活動法人 フロンティアとよはし

豊川市国際交流協会 ラテンアメリカ部会 教育プログラム（PECLA）

川口 祐有子	愛知 外国につながる子どもの母語支援プロジェクト
河村 槇子	愛知 外国につながる子どもの母語支援プロジェクト
堀江 結	愛知 外国につながる子どもの母語支援プロジェクト
松田 薫	愛知 外国につながる子どもの母語支援プロジェクト

稲波 智子	愛知県地域振興部国際課多文化共生推進室 室長補佐
大橋 充人	愛知県地域振興部国際課多文化共生推進室 主任主査
小笠原 美保子	愛知県地域振興部国際課多文化共生推進室 主査
永田 澄子	愛知県地域振興部国際課多文化共生推進室 主任

（フィリピン語翻訳）

矢元 貴美	大阪大学 大学院 人間科学研究科 博士後期課程
-------	-------------------------

K O T O B A

Wika

—Wikang Kinagisnan ng Bata na Papagayananin sa Tahanan at Komunidad—

Inilathala noong Marso, 2013 (taong 25 ng panahon ng Heisei)

--Paglalathala--

Tanggapan ng Pagtataguyod ng Sama-samang Pamumuhay sa Iba't ibang Kultura,

Pangkat ng Pandaigdig, Sangay ng Pagtataguyod ng Pook, Prepektura ng Aichi

--Pagpapanukala at Pagkalimbag--

Panukalang Gawain sa Pagtulong sa Wikang Kinagisnan ng mga Batang May Kaugnayan sa Ibang Bansa, sa Aichi

KOTOBA 一家庭/コミュニティで育てる子どもの母語—

2013年(平成25年)3月発行

—発行—

愛知県 地域振興部 国際課 多文化共生推進室

〒460-8501 名古屋市中区三の丸3丁目1番2号

電話：052-954-6138 (ダイヤルイン)

<http://www.pref.aichi.jp/kokusai/tabunka.html>

E-mail: tabunka@pref.aichi.lg.jp

—企画・編集—

愛知 外国につながる子どもの母語支援プロジェクト

